


Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 2:
I-Rap Mo!



Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 2: I-Rap Mo!
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Lumen A. Villegas

Editor: Chomadith Loian J. Hechanova, Jesusa P. Ambrona, Lourdes Manlapus

Tagasuri: Jenn A. Solis, Iris Kristine A. Mejos, Alemer O. Veloso, Gloria C. Sabanal,
Aries A. Gamino

Tagaguhit: Deodito C. Curaza Jr.

Tagalapat: Hazel Jane A. Villegas

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Winnie E. Batoon

Mary Jeanne B. Aldeguer

Chona M. Calatrava

Analiza C. Almazan

Teresita E. Helgason

Ma. Cielo D. Estrada

Jesusa P. Ambrona

George N. Wong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 2:
I-Rap Mo!

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang napapaloob sa modyul na ito!

Subukin mo kung paano ang pagsulat ng tula, bugtong, **chants** at **rap**. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakasusulat ng tula, bugtong, chant at rap (MT3C-Ia-e-2.5).



Mga Tala para sa Guro

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay sa paggamit nito at matiyak na makamit ang mga layunin sa pagkatuto.



Subukin

Basahin ang sumusunod na tula, bugtong, chant at rap sa ibaba at sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Bunso, bunso! Bakit ka malayo?
Sana malapit lang, nang ikaw ay matingnan;
Pagsasamahan, pagdadamayan;
Mithiin ng mga mahal nating magulang!

1. Sa chant sa itaas, ano ang mga salitang magkatugma?
A. malayo - matingnan
B. malayo - pagdadamayan
C. pagdadamayan - magulang
D. matingnan - pagdadamayan
2. Ano ang sagot sa bugtong na ito, "Tinig mong naririnig, bawat sandali'y iniibig. Gintong naturingan, mahalaga kanino man."
A. orasan
B. tsinelas
C. sapatos
D. kamiseta

Basahin at intindihin ang mensahe ng rap.

Mga bata, sa magulang maniwala;
Kinabukasan mo'y mapabuti at di-mapariwara,
Makinig at sundin ang kanilang payo;
Tuparin ang kanilang inaasam sa iyong kinabukasan,
Maging mabait, masunurin, magalang at mapagmahal
Magpakailanman!

3. Ano ang napansin mo nang binasa o binigkas mo ang rap?
Isulat ang mga salitang may perahong tunog sa huli.

_____	_____
_____	_____

Lapatan ng salitang may parehong huling tunog ang nakatalang mga salita. Hanapin sa loob ng kahon ang salitang akma o magkatugma upang mabuo ang tula, bugtong, chant o rap.

lumuluha
maganda
naninibugho

Halimbawa:

Mala-sutlang kutis,
Akala mo iniis-is.
Pampaganda ng mukha;
Ikaw ay likha ni _____.

Sagot: Bathala

4. Sa sangkalan nakatunganga,
walang umaaway, walang nang-aalipusta.
Dahil sa usok, ako'y _____.
5. Mga kapatid ko sa malayo,
alalang-alala ako sa inyo!
Damdamin nanlulumo,
pamilya ay _____.

Aralin

1


I-Rap Mo!

Mahilig ka bang makinig sa mga rap at chant o kaya ay magbasa ng tula at sumagot ng mga bugtong? Nais mo bang matutong gumawa ng sariling mga tula, bugtong, rap o chant?

Halika at sabay nating alamin kung paano nga ba sinusulat ang mga ito. Tara na!

Ngunit bago tayo dumako sa panibagong aralin, balikan muna natin ang natutuhan mo sa nakaraang modyul.

Naalala mo pa ba ang iyong napag-aralan? Ano ang dapat tandaan kung magsusulat tayo ng salita? Ating balikan iyon at sagutin ang gawain sa ibaba.



Balikan

Piliin ang angkop na salita upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Si Maria ay maagang pumapasok sa paaralan tuwing _____.

- A. Lones
- B. Lunis
- C. Lunes
- D. Lonis

2. Ang _____ ang siyang gumagamot sa mga maysakit.
- A. manggagawa
 - B. manggagamot
 - C. mananahi
 - D. magbubukid
3. Ito ang ikatlong araw sa isang Linggo at may pasok tayo sa paaralan.
- A. Meyerkoles
 - B. Miyerrkules
 - C. Miyerlules
 - D. Miyerkules
4. Sa isang buong taon mayroong labindalawang buwan. Ano ang ikasampung buwan ng bawat taon? Hanapin ang may wastong baybay.
- A. Oktubre
 - B. Oktubri
 - C. Uktobre
 - D. Oktobre
5. Sino ang pangulo ng Pilipinas sa kasalukuyan na nagmula sa Mindanao. Isulat ang kaniyang buo at kumpletong pangalan.
-




Tuklasin

Basahin at unawaing mabuti ang tula:

Puksain COVID-19

Sinulat ni: Lumen A. Villegas



Bata, bata anong iyong ginagawa?
Hindi ba't sa bahay ka lang? Para 'nyo nang awa!
Huwag lalabas nang sa COVID-19 ay hindi mahawa,
isa-isip lagi ang kalusugan nang di mapariwara.

Makinig nang mabuti sa magulang huwag pasaway,
tumulong sa gawaing bahay at huwag mag-aaway.
Bigyang halaga anumang bagay,
lahat ng ito'y bigay ng Diyos maging ang ating buhay!

COVID-19 masyadong mapinsala,
walang sinasanto bata man o matanda.
Maging mga doktor, pulis, tindera at iba pa,
sa COVID-19 sila'y pinahirapan, iba'y yumao na.

Magkaisa tayo, manalangin sa Diyos na may likha,
malagpasan nating lahat ang pagsubok na ating kinaharap.
Huwag mawalan ng pag-asa sa ating dinaranas na hirap,
sapagkat alam nating may bukas pa at may hinaharap.

Kaibigan sama-sama tayong magtulungan,
social distancing gawin at pakatandaan.
Hand washing huwag limutin upang **virus** ay puksain,
magsuot ng **face mask** at panatilihin ang kalinisang nais marating.

Kaya ating labanan COVID-19,
huwag mawalan ng pag-asa, ating damhin.
Magandang kinabukasan kayang abutin,
pananalig lagi sa Maykapal ang siyang sandata natin.



Suriin

Sagutin ang mga tanong.


1. Ano ang mensahe ng tulang iyong binasa?
2. Ano ang napansin mo sa mga huling salita sa bawat linya?
3. Naintindihan mo ba ang mga nakasaad sa tula? Bakit o bakit hindi?

Sa tulang Puksain COVID- 19, ipinarating ng manunulat ang dapat gawin ng mga batang katulad mo sa panahon ng krisis tulad ngayon. Kung bibigkasin mo ang talata na may indayog at ritmo, ito'y matutulad sa pagbibigkas ng rap. Sa tula at bugtong naman, palagi mong marinig na ang huling pantig ng salita ay magkatunog o magkatugma dahil mas magandang basahin o pakinggan ang mga salitang magkatunog/magkatugma at mas madali itong sundan.

Basahin mo:

Bata, bata anong iyong ginagawa?
Hindi ba't sa bahay ka lang? Para n'yo nang awa!
Huwag lalabas, nang sa COVID-19 ay hindi mahawa;
Isaisip lagi kalusugan nang hindi mapariwara.


Nagtatapos sa tunog o titik a ang mga salitang nasa huli sa bawat linya.



Tandaan

Mga dapat tandaan sa pagsulat at pagbigkas ng tula, bugtong, chant at rap:

- ✓ Ang bilis ng pagbigkas ng tula, bugtong, chant at rap ay naaayon sa nilalaman at paksa ng tula. Kung ito ay malungkot, masaya at iba pang damdamin.
- ✓ Isaalang-alang ang mga tuntunin sa pagbuo ng tunog o pag-uulit ng mga inisyal na tunog - katinig o tunog - patinig.
- ✓ Huwag din kalimutan ang sukat at tugma ng iyong bubuoing tula, bugtong, chant at rap.
- ✓ Magiging mas masining ang tula kung gingagamitan ito ng tayutay.



Pagyamanin

Isulat sa papel o sa kuwaderno ang tama at akmang salita sa patlang upang mabuo ang bugtong, tula at chant o rap. Hanapin sa kahon ang sagot.

magalang
sila
pinabayaan
paso
dumamay
ligoan

1. Nanay, Nanay! Tingnan mo!
Namulaklak tanim natin sa _____.
2. Mahal kong Inang bayan,
Salamat 'di _____.
3. Nalibot mo na ba?
Isang napakaganda.
Nabighani ang mga dayuhan,
Malinis na dagat, sarap _____.
4. Noong ako ay bata pa,
Palaging pangaral ni Ina,
Maging mabait ka, mapagbigay;
Sa kagipitan at hrap handang _____.



Isaisip

Ano ang dapat mong gawin upang makasulat ng tula, bugtong, chant o rap?



Isagawa

Pagtambalin at ayusin ang pagkasunod-sunod ng mga parirala sa Kolum A at B upang makasulat ng tula, bugtong at chant o rap. Tingnan ang halimbawa sa unang bilang. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

A

B

1. Tula:

May isang Ale
Humihikbi, umiiyak

pagkain ay di-tiyak.
hinihele ang kanyang baby.

Sagot:

May isang Ale,
hinihele ang kanyang baby.
Humihikbi, umiiyak,
pagkain ay di-tiyak.

2. Chant:

Hoy! Pandoy,
Tumulong sa
gawaing bahay

upang magampanan,
tungkulin maialay.
huwag paligoy-ligoy.

3. Chant:
Aba'y mabait pala ako pinagbubuti ko ang pag-aaral.
Damhin ang laging sinusunod mga utos ninyo.
pagmamahal
4. Bugtong:
Isda ko sa Mariveles Sagot: Sili
nasa loob ang kaliskis.
5. Rap:
Handa ka na ba masustansiyang pagkain.
Gulay sa hardin tumulong sa iba.



Tayahin

Basahin at unawaing mabuti ang tanong. Piliin ang titik ng wastong sagot at isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ano ang dapat tandaan kung susulat ng tula, bugtong at chant o rap?
 - A. magandang salita
 - B. maikli at hindi mahirap na salita
 - C. may indayog at ritmong salita
 - D. wastong baybay, akma at magkasintunog na huling salita
2. Ano ang sunod na salitang gagamitin kung mahal ang huling salita sa linya?
 - A. aruga
 - B. almusal
 - C. pagtanim
 - D. pagsabayin

3. Ang isang tula kung lalapatan ng indayog at ritmo ay magiging _____.
A. rap
B. chant
C. bugtong
D. maikling kuwento
4. Ito ay parang tulang nakasulat ngunit kailangan ito ng sagot. Ano ito?
A. rap
B. chant
C. kwento
D. bugtong
5. Tapusin mo ang rap na nakasulat sa ibaba. Hanapin ang akmang salita sa kahon.

mag-aral

basahin

gupitin

Mga kaklase ko

Maghanda na tayo

Bakasyon tapos na

Leksiyon ay asikasuhin

Aklat ihanda at _____.



Karagdagang Gawain

Kumuha ng malinis na papel at sumulat ng iyong sariling tula, bugtong at chant o rap.

Tula

Bugtong

Chant o Rap



Susi sa Pagwawasto

Tayahin 1. D 2. B 3. A 4. D 5. basahin	Isagawa 2. Chant: Hoy! Pandoy, huwag paligoy ilgoy. Tumulong sa gawing bahay, upang magampanan, tungkulin maialay. 3. Chant: Abay mabait pala ako, laging sinusunod mga utos niyo. Dahin ang pagmamahal, pinagbuti ko ang pag-arall 4. Bugtong: Isda ko sa mariveles nasa loob ang kaliskis Sagot: Sili 5. Rap: Handa ka na ba, tumulong sa iba. Gulay sa hardin, masustansiyang pagkain.
--	---

Subkin 1. D 2. A 3. maniwala at di-mapariwara, kinabukasan at magpakailanman, 4. lumuha 5. naninibugho	Balikan 1. C 2. B 3. D 4. A 5. Pres. Rodrigo Rod Duterte	Pagayamanin 1. paso 2. pinabayagan 3. liguan 4. dumamay
--	--	--

Sanggunian

Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiiong,
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace
U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.
MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3):
Book Media Press, Inc., 2014, 55 *DepEd Complex, Meralco
Avenue. 1600 Pasig City*,

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph